**2008 na Edisyon**

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Plans to Achieve Self-Support (Mga Plano Upang Masuportahan ang Sarili)



## Ano ang Plan to Achieve Self Support (PASS)?

Ang PASS ay isang tool na gagamitin ng isang taong **may kapansanan o pagkabulag** upang magtabi ng **kita** o **mga pag-aari** upang marating ang isang layunin sa trabaho.

Halimbawa, ang isang tao ay maaaring magtabi ng pera para sa isang edukasyon o training na programa o upang magsimula ng isang negosyo.

## Sino ang maaaring magkaroon ng plano?

Maaari kang magkaroon ng PASS kung tumatanggap ka o kwalipikado ka para sa mga benepisyo sa SSI at may **kita** o **mga pag-aari**, maliban sa mga kinakailangan para sa pang-araw-araw na gastos, na maaaring itabi upang gamiting pambayad para sa mga bagay o mga serbisyo na kinakailangan upang maabot ang iyong layunin sa trabaho.

## Paano naaapektohan ng isang plano ang aking mga benepisyo sa SSI?

Ang perang inipon mo sa ilalim ng isang aprobadong plano ay hindi isasama sa pagkalkula ng iyong limit sa pag-aari na $2,000 para sa isang tao o $3,000 para sa isang mag-asawa.

Hindi namin isinasama ang **kita** na itinatabi sa ilalim ng isang aprobadong plano kapag nagpasiya kami kung gaano kalaking SSI ang matatanggap ng isang tao. Ang ibig sabihin nito, ang isang taong nagtabi ng **kita** sa ilalim ng isang plano ay maaaring makatanggap ng isang mas mataas na benepisyo sa SSI kaysa sa kung siya ay walang plano. Hindi itataas ng isang PASS ang iyong benepisyo sa SSI kung natatanggap mo na ang buong halaga ng benepisyo sa SSI.

Ito ay maaari ring mangahulugan na ang isang taong hindi magiging kwalipikado sa ibang paraan para sa mga benepisyo sa SSI ay maaaring magtabi ng **kita** at **mga pag-aari** sa ilalim ng isang aprobadong plano upang maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI.

## Ano ang mga pinakakaunting kinakailangan para sa isang plano?

Ang plano ay dapat:

- na nakasulat at inaprubahan namin;
- mayroong ispesipikong layunin sa trabaho na maaari mong makamit;
- magsabi kung gaano katagal mo maaabot ang layunin;
- magsabi kung anong **kita** o **mga pag-aari** ang itatabi mo at kung paano ito gagastusin;
- magpaliwanag kung paano mo pananatilihing hiwalay ang **kita** o **mga pag-aari** mula sa iyong ibang pera; at
- magpaliwanag ng anumang mga bagay at mga serbisyo na kakailanganin mo upang maabot ang layunin at ipaliwanag kung bakit mo kailangan ang mga ito.

## Paano ako gagawa  ng isang plano?

Maaaring tumulong sa iyo ang kahit sinuman na sumulat ng isang plano, kabilang ang isang vocational counselor o isang kamag-anak. Matutulungan ka rin namin sa isang plano o makapagbibigay kami sa iyo ng pangalan ng taong makakatulong sa iyo na magsulat ng isang plano.

Makakakuha ka ng kopya ng aplikasyon sa PASS, ang Form SSA–545–BK, mula sa tanggapan ng Social Security sa iyong lugar o online sa **www.socialsecurity.gov/online/ssa-545.html**.

Mayroon din kaming mga kontrata sa iba't-ibang organisasyon upang tulungan ang mga benepisyaryo na may kapansanan at gustong magtrabaho. Para sa karagdagang impormasyon, magpunta sa site ng trabaho ng Social Security sa: **www.socialsecurity.gov/work/ServiceProviders/providers.html**.

Mayroon pa bang ibang mga patakaran na makakatulong?

Ang ibang mga patakaran sa trabaho ng SSI, tulad ng mga **eksklusyon sa gastos sa trabaho**, ang **eksklusyon ng kita na kinita ng estudyante**, at ang **patuloy na coverage ng Medicaid coverage** ay maaaring makatulong sa tumatanggap ng SSI habang nagtratrabaho.